RICE KOMIKS

Dagdag Pananim, Dagdag Kita

Istorya at Guhit ni Andrei Lanuza
Sinuri ni Fredierick Saludez

Ang bentahan ay nasa ₱80 kada kilo ng sibuyas at ₱100 kada kilo ng talong. Minsan mas mataas pa. Depende sa panahon at merkado. Umaabot ng mahigit sa 2,000 kilo ng sibuyas at 800 kilo ng talong ang inaani namin sa kalahating ektarya. Bukod pa ito sa palay.

Hindi tulad ng palay, mas madali alagaan ang mga ito. Hindi rin sila nangangailangan ng maraming patubig at angkop sila ngayong tag-araw.

Wag natin dapat i-asa ang kikitain natin sa isang pananim.

Dapat natin maunawaan na hindi maiiwasan ang pagdating ng mga natural na kalamidad.

Maaaring magkaroon bigla ng sakit ang palay natin. O kaya biglang bumagyo. Kaya kahit mapinsala ang palayan namin, meron pa rin kaming pagkakakitaan.

Tama kayo... Dapat maghanda muna tayo para sa mga panghinaharap na pangangailangan. Kapag may seguridad tayo at ating pamilya, hindi tayo matataranta kapag may sakuna.

Oo, hindi masama magrelax paminsan-minsan basta't di nasasakripisyo ang kinabukasan mo at ng iyong pamilya. Kung nais mo rin magtanim ng ibang pananim bukod sa palay magtext o tumawag sa PhilRice Text Center sa numerong 0920-911-1398. Magtanong para maging masmarunong!